

NAME: _____ SCORE _____

Panuto: Basahin ang katanungan at bilugan ang letra ng iyong sagot.

1. Ano ang pangunahing layunin ng isang alamat?

- a) Magbigay ng impormasyon
- b) Magpaliwanag ng mga pangyayari gamit ang pantasya
- c) Magsaya lamang
- d) Makapagbigay ng patnubay sa pamumuhay

2. Ano ang denotasyon ng salitang "bituin"?

- a) Isang liwanag sa langit
- b) Isang tao na sikat
- c) Isang pag-asa
- d) Isang pangarap

3. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng tekstong naratibo?

- a) Tula
- b) Nobela
- c) Alamat
- d) Balita

4. Ano ang kahulugan ng salitang "bayanihan" sa konotasyon?

- a) Pagtutulungan ng mga tao
- b) Pagsasama-sama ng pamilya
- c) Pagtulong sa isang komunidad
- d) Pagiging magkaibigan

5. Ano ang ibig sabihin ng "perpektibo" sa pandiwa?

- a) Gaganapin pa lang
- b) Kasalukuyang ginagawa
- c) Natapos na ang kilos
- d) Gagawin sa hinaharap

6. Ano ang denotasyon ng salitang "aso"?

- a) Matapat na kaibigan
- b) Isang uri ng hayop na bantay sa bahay
- c) Simbolo ng katapatan
- d) Kaaway ng pusa

7. Ano ang layunin ng tekstong biswal tulad ng memes?

- a) Magbigay ng impormasyon
- b) Magpatawa o maghatid ng mensahe sa isang malikhaing paraan
- c) Ipakita ang kahinaan ng isang tao
- d) Magbigay ng malalim na aral sa buhay

8.Paano ginagamit ang mga pandiwang perpektibo sa pagkukuwento?

- a) Ipinapakita nito ang kilos na kasalukuyang ginagawa
- b) Ipinapahayag ang kilos na gagawin pa lamang
- c) Ipinapahayag nito ang kilos na tapos na
- d) Nagbibigay ng palagay sa kilos ng tauhan

9.Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng konotasyong kahulugan sa isang salita?

- a) Literal na kahulugan ng salita
- b) Damdaming nakapaloob sa paggamit ng salita
- c) Teknikal na kahulugan
- d) Pangunahing layunin ng salita

10.Ano ang maaaring maging layunin ng isang alamat na may mga tauhang hayop?

- a) Magbigay ng mahika
- b) Magsalaysay ng kwentong nagpapakita ng aral
- c) Ipakita ang mga katangian ng hayop
- d) Magpakita ng kasaysayan

11.Aling pangungusap ang gumagamit ng perpektibong pandiwa?

- a) Si Liza ay naglalaro sa hardin.
- b) Si Carlo ay tumatakbo sa palaruan.
- c) Si Ana ay kumain ng mansanas.
- d) Si Nena ay mag-aaral bukas.

12.Paano ginagamit ang salitang may konotasyon sa pangungusap?

- a) Tumutukoy ito sa literal na kahulugan ng salita
- b) Nagbibigay ito ng damdamin o karagdagang kahulugan sa konteksto
- c) Ipinapakita nito ang teknikal na kahulugan ng salita
- d) Ibinibigyan ito ng kahulugan sa diksyunaryo

13.Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng kilos na katatapos lamang?

- a) Kakakain ko lang ng almusal.
- b) Kumain ako ng almusal kahapon.
- c) Kakain ako ng almusal mamaya.
- d) Kakain kami ng almusal bukas.

14.Piliin ang tamang pandiwa sa pangungusap: "Siya ay _____ ng proyekto kahapon."

- a) gumagawa
- b) gumawa
- c) gagawa
- d) ginagawa

15.Gumamit ng pandiwang perpektibo sa pangungusap: "Siya ay _____ sa paaralan kahapon."

- a) nagpunta
- b) pupunta
- c) pumupunta
- d) pinupuntahan

16.Paghambingin ang denotasyon at konotasyon ng salitang “puno.”

- a) Puno: Isang bagay na mahalaga sa atin.
- b) Puno: Simbolo ng kapangyarihan.
- c) Denotasyon: Isang uri ng halaman; Konotasyon: Simbolo ng buhay at paglago.
- d) Denotasyon: Isang puno ng bahay; Konotasyon: Isang kagubatan.

17.Ano ang kahulugan ng kilos ng tauhan sa pahayag na, "Nanginig siya nang makita ang ahas"?

- a) Siya ay nasiyahan
- b) Siya ay nagulat at natakot
- c) Siya ay nagalit
- d) Siya ay nawalan ng pag-asa

18.Paano nagbago ang ugali ni Don Juan sa alamat matapos niyang makilala ang mahiwagang ibon?

- a) Siya ay naging masama
- b) Siya ay natutong maging mapagkumbaba
- c) Siya ay naging matapang
- d) Siya ay naging mapagbigay

19.Ano ang layunin ng alamat na “Si Malakas at Maganda”?

- a) Magpaliwanag kung paano nilikha ang mga tao
- b) Ilarawan ang kapangyarihan ng hari
- c) Ipakita ang buhay ng mga sinaunang tao
- d) Magpakita ng kasaysayan ng Pilipinas

20.Paghambingin ang layunin ng dalawang alamat na “Alamat ng Pinya” at “Alamat ng Sampaguita.”

- a) Parehong nagpapakita ng kasaysayan ng mga halaman
- b) Parehong nagtuturo ng kahalagahan ng pamilya
- c) Parehong nagbibigay ng aral tungkol sa pagiging masipag
- d) Parehong nagpapakita ng pagsasakripisyo ng isang tao

21.Alin sa mga pahayag ang nagbibigay ng pinakamalinaw na opinyon tungkol sa kilos ng tauhan?

- a) "Mabait si Maria sa lahat ng tao."
- b) "Ang ginawa ni Juan ay tama dahil tumulong siya sa mga nangangailangan."
- c) "Siya ay nagalit ngunit mali ang kaniyang ginawa."
- d) "Matapang siya ngunit hindi tama ang kanyang naging desisyon."

22.Bakit mahalaga ang pag-aaral ng mga alamat sa ating kultura?

- a) Para maging masaya
- b) Para matuto ng kasaysayan
- c) Para magbigay ng inspirasyon
- d) Para ipreserba ang mga tradisyon at aral ng ating mga ninuno

23.Paano nakaaapekto ang mga simbolo sa pagkakaintindi ng isang meme?

- a) Nakatutulong itong magbigay ng tiyak na mensahe.
- b) Nakagugulo ito ng konteksto ng meme.
- c) Pinapadali nito ang pagkaunawa ng teknikal na kahulugan.

d) Nagpapakita ito ng literal na kahulugan lamang.

24. Bakit mahalaga ang paggamit ng mga pandiwang perpektibo sa isang salaysay?

- a) Upang ipakita ang kasalukuyang kilos
- b) Upang ipahayag ang mga kilos na tapos na
- c) Upang magbigay ng mga plano sa hinaharap
- d) Upang i-highlight ang damdamin ng tauhan

25. Bumuo ng isang pangungusap gamit ang pandiwang perpektibo mula sa salitang-ugat na "linis."

- a) Naglinis ako ng bahay kanina.
- b) Lilinisin ko ang bahay bukas.
- c) Nililinis ko ang bahay ngayon.
- d) Maglilinis ako ng bahay mamaya.

ANSWER KEY:

- 1. b
- 2. a
- 3. c
- 4. a
- 5. c
- 6. b
- 7. b
- 8. c
- 9. b
- 10. b
- 11. c
- 12. b
- 13. a
- 14. b
- 15. a
- 16. c
- 17. b
- 18. b
- 19. a
- 20. c
- 21. b
- 22. d
- 23. a
- 24. b
- 25. a